# OWWA

## OVERSEAS WORKERS WELFARE ADMINISTRATION

- IS A GOV'T MEMBERSHIP AGENCY

***NOT ALL OFWS ARE OWWA MEMBER BUT ALL OWWA MEMBER ARE OFWS***

# OWWA MEMBERSHIP



- Good for two (2) years – upon payment

- paid when processed by the Phil. Recruitment Agency with POEA and OWWA

- (while at job site) paid by the OFW once the two years contract expired and the OFW extends her contract with her employer in the job site (either in the nearest OWWA Regional Office in the Philippines or in our OWWA Offices in UAE, located in Abu Dhabi or Dubai.

- amount paid is 25.00 US Dollars or 92.00 Dirhams or 1,000 plus in Pesos (depending on the current exchange rate of US Dollar to Phil. Peso)


# OWWA ON-SITE SERVICES:




# ASSISTANCE ON LOCATING OFW'S WHEREABOUTS







# JAIL VISITATIONS (IN COORDINATION WITH ATN)/HOSPITAL VISITATIONS / WORK CAMP VISITATIONS



# PSYCHOSOCIAL COUNSELLING










## MEDIATE/CONCILIATE/ADVISE /ASSIST OFWS WHO HAS COMPLAINTS (LABOR/WELFARE) AGAINST THEIR EMPLOYER/TADBEER IN THE HOST COUNTRY (WITH POLO).







# CONDUCT REINTEGRATION PROGRAM (TRAINING/SEMINARS) - NRCO







# REPATRIATION PROGRAM FOR ACTIVE OFW-OWWA MEMBER









OWWA Abu Dhabi

# AIRPORT ASSISTANCE (DONE IN UAE AND THE PHILIPPINES)








This Photo by Unknown Author is licensed under CC BY-NC-ND

# OWWA MEMBERSHIP PAYMENT/COLLECTION



**OWWA Abu Dhabi**

# MGA DAPAT IWASAN AT DAPAT MALAMAN SA BANSANG UAE



# PHYSICAL FIGHTING O PAKIKIPAG-AWAY

- Ang pakikipag-away o Physical fighting halimbawa ng suntukan, sabunutan, kalmutan, sampalan, o anu man uri ng pananakit sa kapwa ay itinuturing na isang "Criminal Offense" sa bansang UAE.
- Ang sinumang kasali ay maaring mahatulan ng fines/penalty o pagkabilanggo depende sa naging resulta ng pag-aaway.
- **Lahat** ng nakibahagi sa away maging ikaw man ay ang na-agrabyado o nang-agrabyado o umawat lamang sa away ay kasama sa demanda isasampa ng pulis sa husgado.



# PICTURE TAKING O PAGKUHA NG LARAWAN



- **Mahigpit na ipinagbabawal sa batas ng UAE ang pagkuha ng picture ng mga sumusunod:**
- Picture ng mga employer (amo) lalo na ang mga bata o anak ng amo.
- Huwag basta kuhanan ng larawan ang bahay ng amo o employer, sa loob man o sa labas.
- Kung nasa labas ng bahay, bawal magpicture sa mga Government Institution katulad ng:

  Police Station, Jail, Embassy, Palasyo

# VIDEO AND AUDIO RECORDING

- Mahigpit na ipinagbabawal sa batas ng UAE ang mag video recording lalo na yun video ng employer, kanilang mga anak, magulang, kamag-anak at maging ang kanilang bahay loob man o labas.
- Ipinagbabawal din ang mag record ng anumang pag-uusap personal man o sa telepono.





# FACEBOOK

- Mahigpit na ipinagbabawal sa UAE ang mag post ng larawan ng kanyang mga employer at mga anak nito. Ganun din bawal mag post ang address ng bahay ng employer o picture ng bahay ng employer sa facebook lalo kung ikaw ay humihingi ng tulong o nag papa rescue.

- HUWAG MAGING MARITES

- Mahigpit na ipinagbabawal sa UAE ang mag tiktok lalo na kung isasama ang mga anak ng amo para mag tiktok. May kaukulang parusang pagkabilanggo o multa sa lalabag sa batas na ito.

# STEALING O PAGNANAKAW

- Ang pagnanakaw, sinadya man o hindi ay isang krimen.



*Kung may nakitang pera, alahas o anumang mahalagang gamit na nakakalat sa lapag, kunin ito at agad ipagbigay alam sa employer. Huwag itago, kuhanin at ibulsa kahit ito ay mukhang patapon o itinapon na sa basurahan.*

- **Laging tandaan, may CCTV ang bawat sulok ng bahay ng amo.**

# KAPAG MAY ALAGANG BATA

- Huwag sasaktan ang inyong alagang bata kahit na sya ay makulit o ikaw ay kanyang sinasaktan. Ang pananakit sa bata ay isang Criminal Offense o mabigat na kasalanan dito sa UAE at may kaukulang parusa na kulong o multa depende sa hatol ng huwes ng korte.
- Kung ikaw ay sinasaktan ng iyong alagang bata, magsumbong sa kanyang magulang at hayaan ang kanyang magulang ang mag disiplina sa kanyang anak.
- **Laging tandaan, ang bahay ng employer ay may CCTV na nagbabantay sa inyo.**

# REGALO MULA SA AMO O EMPLOYER

- Hanggat maiiwasan HUWAG TUMANGGAP ng regalo o kahit anung bagay na ibigay ng employer especially ng iyong Madam halimbawa ay damit, alahas, make up, bag, lumang panty, pinaglumaang damit ng employer.



# KAPAG BAGONG PALIGO



- Laging tandaan **HUWAG** lalapit sa among lalaki hanggat maari kung ikaw ay bagong paligo / basa pa ang buhok o bagong spray ng pabango sa katawan.
- Maaring isipin ng iyong among lalaki na siya ay iyong inaakit o nagpapakita ka ng motibo ng pagkagusto sa kanya.
- Gayundin iwasan ding lumapit sa among babae kapag bagong paligo at bagong pabango ang katawan. Ito ay maaring pagmulan ng pagka insecure ng amo at hinala na inaakit mo ang kanyang asawa.

# PAGTAWA NG MALAKAS



- **Iwasang tumawa ng malakas.**

Laging tandaan, ang UAE ay hindi katulad sa Pilipinas na kahit lumabas ang iyong ngala-ngala sa kakatawa ay walang problema at walang papansin sa iyo.

Wala namang batas na nagbabawal, pero maaring kang mapagkamalan ng iyong amo at ng ibang tao ang kawalang respeto, nagpapapansin o may sira sa ulo. Tumawa lang ng tama at yung naaayon sa isang binibining marikit at dalagang Pilipina.

# ARAW NG SWELDO O SAHOD

**Tandaan:** Kung ikaw ay pina sueldo na ng iyong amo, pumirma sa iyong payslip at lagyan ng petsa kung kelan ka nagpirma.

Mahalagang may ebidensya ka na ikaw ay binigyan ng sahod ng iyong employer. May mga employer kasi na nagsasabing pina sweldo ka na ngunit wala ka pa namang natanggap.

**Tandaan:** Kung delayed naman ang iyong sahod, magtanong sa amo. Kung walang makuhang sagot, ipaalam sa iyong Tadbeer Agency o sa Agency sa Pilipinas kaagad. Huwag sanayin si amo na late ang pagbibigay ng sweldo, dapat ipaalala sa kanila na kayo ay nagtatrabaho para sa pamilya sa Pilipinas na umaasa sa inyong padala buwan-buwan at hindi yung kung kelan lang sila may pera.





# KAPAG HINDI SINAHURAN NG EMPLOYER

- Pag ikaw ay hindi sinahuran ng employer sa unang buwan pa lang, magsumbong agad sa iyong agency. Huwag basta pumayag, kahit sabihin pa nilang dodoblehin nila ang iyong sahod sa susunod na buwan. Alalahanin, kung ang isang buwang sweldo nga di nila maibigay, para sa dalawang buwan pa kaya?

**TANDAAN**: Kapag hindi sumahod o sumweldo sa tamang petsa, **magsumbong agad sa agency**.

- Huwag ipatago sa employer ang iyong sahod. Kung sabihin ng employer na kanya itong iipunin muna at pag uwi mo sa kanya ibibigay ng buo o lahat ng iyong sahod.

HUWAG MANIWALA SA GANOONG SUGGESTION NI AMO.

# REMITTANCES / PADALA PARA SA PAMILYA

- Kung ikaw ay nag request sa amo mo na magpadala ng pera sa Pilipinas, siguraduhing kunin ang resibo ng remittances at tumawag agad sa iyong mahal sa buhay kung natanggap nila ang perang iyong ipinadala.
- Siguraduhin ding tama ang lahat ng impormasyong ibibigay sa kanila para sa inyong papadalhan ng pera.




# PAGKAIN SA BAHAY NG AMO



- Kadalasan ito ang reklamo ng mga OFW sa kanilang amo, wala raw makain o kulang sa pagkain.
  - Tandaan - may mga amo na hinde kumakain ng kanin kaya huwag umasa na kayo ay kakain ng kanin araw araw, katulad ng nakasanayan.
  - Kadalasan tira ang kinakain ng OFW.
- Kung minsan sasabihin ng OFW na sila ay hinde pinapakain ngunit ang katunayan may pagkain ang employer ngunit ayaw kainin ng OFW dahil hinde sya sanay sa pagkaing meron sa bahay ng kanyang amo, kaya naghahanap sya ng pagkain na ayun sa kanyang panlasa at nakasanayan.

# BLACK MAGIC O KULAM


- Iwasan and mga bagay na maaaring mapagkamalang ginagamit sa pangkukulam o black magic, katulad ng manika, nalagas na buhok at iba pa. Naniniwala dito ang mga employer.



# KUNG IKAW AY NALULUNGKOT


- Kung ikaw ay nalulungkot at hindi mo makausap ang iyong mga mahal sa buhay dahil sa walang wifi, may time difference sa UAE at Pilipinas. Wla kang makausap. Anu ang maari mong gawin?
  - Huwag malungkot, MAGDASAL,  kausapin ang iyong sarili. Tama po, kausapin ang iyong sarili. Isipin ang iyong mga plano, pangarap at kung ano ang dahilan ng pagpunta mo sa UAE.

- **TANDAAN** – IKAW LANG ANG MAKAKAKONTROL SA IYONG SARILING KALUNGKUTAN.



**PAALALA: PWEDENG KAUSAPIN ANG IYONG SARILI, HUWAG NA HUWAG MO LANG SYANG SASAGUTIN.**

# SA MGA BAGUHANG OFW SA UAE:



- **TANDAAN – Huwag mamili ng amo at huwag igiit sa amo ang ganitong mga gusto:**
  - Hindi pwede sa may bata, ayaw mag alaga ng bata
  - Dapat laging bukas o naka connect kaagad sa wifi para maka communicate sa pamilya
  - Dapat laging nka on ang aircon sa kuwarto
  - Dapat kapag nanny, hinde dapat tutulong sa gawaing bahay
  - Dapat hindi naka lock ang ref
  - Dapat hindi utusan kapag kumakain o mainit ang ulo ng OFW


# KAPAG MAY PROBLEMA SA TADBEER

- Mag send ng email sa abudhabi@owwa.gov.ph

  *Hintayin po ang sagot sa email.*


- **Tumawag sa OWWA hotline: 054-5572121**

  *Humingi ng payo kung ano ang tamang gagawin.*



**HUWAG TUMAKAS SA ACCOMMODATION NG TADBEER/AGENCY.**

# ABSCONDING O RUNAWAY



- **ABSCONDING o run away –** **Kapag ang domestic worker / OFW ay hindi nakatapos ng kontrata at umalis sa trabaho / employer ng walang paalam.**


  **- absconding is an offence, you could not find a job in UAE if you have an ABSCONDING case.**

  **(labag sa batas ng UAE, hindi maaaring lumipat ng trabaho o lumipat sa ibang amo kung may ABSCONDING case)**

  **- YOU can be put into the JAIL if you have an ABSCONDING CASE.**

# EMERGENCY CASES

## MGA DAPAT TANDAAN AT GAGAWIN SA ORAS NG EMERGENCY:



a. **Kapag nakaranas ng pangmamaltrato, pisikal man o kinagalitan:**

1. *Kausapin ang employer at mahinahong magpaliwanag.*
2. *Tumawag sa TADBEER, para sa kailangang tulong.*


b. **Kapag may tangka sa buhay (clear and present danger, ex. rape, papatayin o sinaktan ng matindi ng amo ):**

1. *Tumakbo at iligtas ang sarili (tumakas o magkulong sa kwarto)*
2. *Tumawag sa agency o TADBEER.*
3. *Tumawag sa Police Hotline:* ***999*** ***(last option)****.*

   *Maaring makatawag sa Police kahit walang load.*

c. **Kung tumakas sa employer (if there is a clear and present danger, ex. Rape, papatayin o sinaktan ng matindi ng amo).**

1. *Tumawag agad sa Tadbeer (Agency)*
2. *Dumiretso sa opisina ng Tadbeer o sa Philippine Embassy .*



d. **Kung magkukulong sa kwarto:**

1. *Tumawag agad sa Tadbeer / Agency at hintayin ang instruction nila o pagsundo mula sa bahay ng employer.*
2. *Tumawag sa Philippine Embassy - OWWA Hotline: 054-5572121.*
3. *Tumawag sa POLICE HOTLINE– 999 (last option)*


# MINISTRY OF HUMAN RESOURCES & EMIRATISATION (MOHRE)

**Paano makipag-ugnayan sa MOHRE?**

1. **Helpline / Hotline : 046659999**
2. Mobile: 971-680-27666
3. **Whatsapp : 600590000**
4. Email: ask@mohre.gov.ae.
5. Website: mohre.gov.ae.
6. Online Chat.
7. MOHRE Mobile App.
8. Facebook@MOHREUAE.

9 Twitter@MOHRE_UAE.

10. Instagram@MOHRE_UAE.




# OWWA ABU DHABI HOTLINE NUMBERS

- 054-5572121 (abudhabi@owwa.gov.ph)
- 058-5943131(abudhabicovid@gmail.com)
- 050-5585536 (DUBAI hotline)

# 24/7 HOTLINE(PHILS)

- Metro Manila/Cellphone: 1348
- Regional: (02) 1348
- International: (+632)1348

**owwa.gov.ph (OWWA Website)**


OWWA HELPLINE
+63 915 079 5005
+63 969 169 7068
+63 966 473 9543
TikTok
@arnellignacio
HOTLINE
+632 1348

# MAY KATANUNGAN PO BA?

**Panginoon,**
**Tanggalin Mo po nawa ang lungkot, takot at bigat sa aming mga puso. Bigyan Mo po kami ng lakas, pag-asa at talas ng isipan para harapin ang lahat ng mga pagsubok sa aming buhay. Amen.**

OFW for CHRIST

# Maraming Salamat Po.